


# 14 Clinical Psychologist

Kinikilala ang psychologist bilang isang counselor, psycho-therapist o tagahatol kung may problema sa pag-iisip, at sila ang nagbibigay ng suporta at payo sa mga taong may mabigat na dinadala sa kalooban. Importante ang propesyong ito sa dami ng stress na bumabalot sa kasalukuyang lipunan.

Sa pagbibigay ng one on one counseling, kailangan maging malawak ang pag-iisip, makuha ang tiwala ng pasyente, may maayos na personalida at may sapat na karanasan para makagbigay ng magandang resolusyon sa problema ng pasyente. Ang clinical psychologist na nakakapagsalita ng lengguage ng pasyente ay napaka importante sa mga dayuhang hindi nakakapagsalita ng Japanese.

## Para maging isang clinical psychologist



### <Maagang preparasyon>

Para maging isang clinical psychology, kinakailangan mag-aral sa university at graduate school at mataas na antas ng kaalaman sa Nihonggo at talino. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

### <kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho>

Maaaring magtrabaho ang clinical psychologist sa ibat ibang lugar, school bilang isang school counselor, ( hospital, mental clinic at health center), ( sa korte at pulisya), sa ( child counseling at welfare centers) at counselor sa mga kompanya (health management dept. ng kompanya) marami ang lugar at oportunidad na makapagtrabaho. Subalit mas maraming alok sa part-time kaysa sa full-time. Ang suweldo kada taon ay mula 3,000,000-5,000,000 yen.

### <Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?>

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit 2,400,000 yen (4 taon), sa pribadong universities, mahigit 4,000,000 yen (4 taon) at specified graduate school na aabutin ng 1,400,00 – 1,700,00 (2 taon).